
# CATCH-UP FRIDAYS TEACHING GUIDE

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Catch-up Subject:** | Values Education | **Grade Level:** | 1 |
| **Quarterly Theme:** | Community Awareness<br>*(refer to Enclosure No. 3 of DM 001, s. 2024, Quarter 3)* | **Date:** | MARCH 22, 2024 |
| **Sub-theme:** | Relating with the Members of the Community *(refer to Enclosure No. 3 of DM 001, s. 2024, Quarter 3)* | **Duration:** | 40 mins<br>*(time allotment as per DO 21, s. 2019)* |
| **Session Title:** | **Tungkulin ng mga Tao sa Paaralan tungo sa Kapayapaan ng Paaralan** | **Subject and Time:** | Filipino<br>*(schedule as per existing Class Program)* |
| **Session Objectives:** | Pagkatapos ng Gawain,<br><br>Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari ng kuwentong napakinggan batay sa story grammar | | |
| **References:** | K to 12 Basic Education Curriculum | | |
| **Materials:** | Mga pahina sa Gabay ng Guro Pahina 223 at MTB-MLE pahina 234-235<br>Gabay ng kurikulum ng K-12 pahina 223-225,454-455 at MTB-MLE panina 50-52, 220-221 | | |

| Components | Duration | Activities |
|---|---|---|
| **Activity** | | Itanong sa mga bata ang kanilang mga ginagawa bago matulog at bago pumasok sa paaralan.<br><br>Paghahawan ng balakid<br>anunsiyo- sa pamamagitan ng pangungusap<br>Ang anunsiyo ay balita na nais ipabatid sa lahat ng mambabasa ng dyaryo at nakikinig sa radyo.<br><br>namangha- sa pamamagitan ng pagsasakilos<br><br>troso- gamit ang larong 4pics<br>dyaryo- sa pamamagitan ng tunay na bagay |
| **Reflection** | | a. Pagpapakita ng dyaryo sa mga bata.<br>1. Sino sa inyo ang mga nagbabasa ng dyaryo?<br>2. Ano ang kahalagahan ng pagbabasa ng dyaryo?<br>3. Bakit maraming nagbabasa ng dyaryo.<br>4. Kapag narinig ninyo ang salitang dyaryo ,ano ang salitang maiuugnay ninyo dito? |

(Tumawag ng bata upang isulat ang sagot sa word map.




b. Pagsagot sa Prediction Chart. Ipahula ang sagot sa tanong at isulat sa hanay ng
` Hulang Sagot.


- Pagbibigay ng pamantayan sa pagkikinig ng kuwento.
- Pagbasa bg Kwento.

**Dyaryo, Dyaryo!**
Akda ni Nida C. Santos

"Dyaryo! Dyaryo!" ang sigaw ng batang si Primo. Pagtitinda ng dyaryo ang hanapbuhay ni Primo. Sa kanyang gulang na walo ay marunong na siyang tumulong sa kanyang nanay at tatay sa mga gawain. Kumikita siya ng halagang isang daang piso tuwing umaga sa pagtitinda ng dyaryo. Dahil dito, hindi na siya humihingi ng baon sa kanyang mga magulang.

Isang umaga, maagang nagtinda ng dyaryo si Primo. Marami ang bumili sa kanya ng dyaryo.Nagtataka si Primo kung bakit lahat ng taong makita niya ay nais bumili ng dyaryo. Pati ang mga kapitbahay nila na sina Aling Gloria, Mang Placido, at Aling Trinidad ay bumili rin ng dyaryo. Dumaan si Primo sa bahay ng kanyang mga kaibigan na sina Brix, Tricia, Troy, at Brando. Nakita niya na ang tatlo

| | | |
|---|---|---|
| | | ay nagbabasa na rin ng dyaryo. Pati ang dyanitor nila sa paaralan na si Mang Bruno ay nagbabasa na rin ng dyaryo. Nagtataka si Primo kung bakit ang lahat ng tao ay abala sa pagbabasa ng dyaryo. Bahagyang huminto si Primo sa paglalakad at binasa niya ang nilalaman nito.<br><br>May anunsiyo sa dyaryo na masama ang klimang mararanasan, may mga paalala na maghanda lalo na sa malaking pagbaha na may kasamang mga troso mula sa bulubundukin. Namangha si Primo sa balita. Kaagad siyang umuwi ng bahay at ibinalita sa magulang ang maaaring mangyari sa maghapon at magdamag. "Mabuti na lamang at naubos na ang tinda kong dyaryo," ang sambit ni Primo. |
| **Wrap Up** | | **Pagsagot sa Prediction Chart.**<br><br>Prediction Chart<br>Tanong \| Hulang Sagot<br>Bakit abalang-abala sa pagbabasa ng dyaryo ang mga tao? \|<br><br>1. Ano ang pamagat ng kuwento?<br>2. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?<br>3. Saan nagana pang kwento?<br>4. Ano ang ginagawa ni Primo tuwing umaga?<br>5. Magkano ang kinikita ni Primo sa pagtitinda ng dy<br>6. Kung siya ay magtitinda ng dyaryo sa loob ng isan kikitain?<br>7. Ano ang napansin ni Primo sa mga tao?<br>8. Bakit abala ang mga tao sa pagbabasa ng dyary<br>9. Ano ang anusiyo sa dyaryo?<br>10. Sa inyong palagay, dapat ba na maghanda ang |

| | | |
|---|---|---|
| | | 11. Ano ang gagawin mong paghahanda kung ikaw anunsiyo?<br>12. Bakit kailangan na paghandaan ang ganitong uri<br>13. Ano ang masasabi mo kay Primo?<br>14. Kung ikaw si Primo ,tutularan mo ba siya sa kanyan<br>15. Ano ang mensahe ng kwento?<br>16. Anong bahagi ng kwento ang naibigan mo? Bakit<br>17. Anong aral ang iyong natutunan?<br>18. Ano ang mahahalagang pangyayari ang nagano (Hayaang ipahayag ng mga bata ang kanilang sa kaibigan niyang si Map.)<br>  |
| **Group Activity** | | • Pamantayan sa pangkatang Gawain<br>• Pangkatang Gawain<br><br>**Pangkat ROB THE ROBOT**<br>Panuto: Basahin ang kwentong Si Pagong at Si Matsing. Pagsunud-sunurin ang mga pangyayari sa kuwento gamit ang mga larawan.<br><br>**Pangkat STARSTRUCK**<br>Panuto: Basahin ang kwentong "Puno ng Buhay" at isadula ang pagkakasunod-sunod ng pangyayari nito.<br><br>**Pangkat IDOL SA KUSINA**<br>Panuto: Basahin ang paraan ng pagsasaing. Pagsusunod- sunurin ang mga ito gamit ang bilang 1-5. |

| | | |
|---|---|---|
| | | _____a. Hinaan ang apoy para ma-in-in ang kanin.<br>_____ b. Hugasan ang bigas nang mabuti.<br>_____ c. Kumuha ng tatlong takal na bigas.<br>_____ d. Hayaang  kumulo ang tubig hanggang sa makati ito.<br>_____ e. Lagyan ang bigas ng tatlong takal na tubig. |

Prepared By:

**Juan A. Dela Cruz**
Teacher I

Recommending Approval:

**Juana A. Dela Cruz**
Master Teacher II

Approved:

**Juancho A. Dela Cruz**
School Head